

Programang Panlahatang

Pagsusuri sa Komunidad

Para sa mga detalye, mangyaring bisitahin ang website ng [communitytest.gov.hk](http://communitytest.gov.hk)

24-oras na hotline

3142 2368

## Layunin

Ang Programang Panlahatang Pagsusuri sa Komunidad (UCTP) ay naglalayong mas mapahusay na sukatin ang sitwasyon ng impeksyon ng COVID-19 sa Hong Kong at maagang makahanap ng mga pasyenteng walang sintomas upang makamit ang **maagang pagtukoy, maagang paghiwalay at maagang paggamot**, at upang putulin ang transmisyong virus sa komunidad. Nilalayo din ng UCTP na pahintulutan ang mga miyembro ng publiko na nais na sumailalim sa libreng pagsusuri sa virus upang matanggap ang serbisyo.

Ang pakikilahok sa UCTP ay boluntaryo. Maliban sa ilan na hindi angkop para sa pagsubok, ang lahat ng mga residente ng Hong Kong na walang mga sintomas ay maaaring makatanggap ng isang beses na libreng pagsusuri sa COVID-19. Pinapahintulutan nito ang Kagawaran ng Kalusugan upang **matukoy nang mas maaga ang mga nahawaang tao, sa partikular na mga pasyenteng walang sintomas na nagdadala ng virus.**

Mga kaso ng impeksyon na hindi matukoy ang pinagmulan ay ipinagpalagay na kadahilanan para sa maraming mga bagong nakumpirmang kaso sa ikatlong paglitaw ng epidemya, at ang nasabing mga kaso ay sumasakop sa iba't ibang mga sektor at kapaligiran. Ipinapakita nito na ang mga nakatago o walang mga sintomas ng mga transmisyong virus na nananatili sa komunidad, at nakababahala. **Mahalaga na magkaroon ng isang matagalang pamamaraan na may ibat ibang natatanging aspeto upang putulin ang transmisyong virus nang mas maaga hangga't maaari**, at ang bawat isa sa atin ay maaring gampanan ang tungkulin sa pamamagitan ng pakikilahok sa programa. Sa pamamagitan nito, maaari nating ipagpatuloy ang normal na pamumuhay at pang-ekonomiyang mga gawain, at mabawasan ang matinding hamon sa ekonomiya at pantrabaho na kinakaharap ng Hong Kong.

Inaasahan ng Pamahalaan na ang bawat karapat-dapat na mamamayan ay, para sa kanilang sariling kapakanan at ng kanilang minamahal na kapamilya at kaibigan, kasamahan, lahat ng nakatuong manggagawang medikal at lahat ng tao sa komunidad, ay lumahok sa UCTP.

## Mga Target

- Ang lahat ng mga residente ng Hong Kong na may hawak ng isang balidong HKID o sertipiko ng kapanganakan (kabilang ang mga permanente at hindi permanenteng residente) ay maaaring lumahok sa UCTP sa isang boluntaryong batayan.
- Ang mga batang wala pang 6 taong gulang at ang mga taong sumailalim sa operasyon ng lalamunan o ilong ay **hindi angkop** para sa pakikilahok sa UCTP.

## Pag-uuri

- Isang beses ng libheng serbisyong pagsusuri
- Boluntaryong pakikilahok

## Mga Petsa

- Mula Setyembre 1 hanggang pitong araw.

Puwede pang magpatuloy hanggang pitong araw ulit base sa sitwasyon.

## Mga Kinalalagyan

- Mga Sentro ng Pamayanang Pagsusuri (CTCs) ay itatayo sa **lahat ng 18 na distrito** sa Hong Kong.
- Ang CTCs ay magbubukas mula **8am hanggang 8pm** (na may isang-oras na pahinga para sa paglilinis at pagdidisimpekta).
- Lahat ng CTCs ay **magpapatupad ng ankop na panukala sa pagpigil ng impeksyon** at maglalaan ng ankop na pagantabay upang mapagbigyan ang mga kawani na sumunod sa social distancing.

### Paano makilahok

- Upang maiwasan ang matataong pagtitipon, ang mga miyembro ng publiko ay dapat gumawa ng appointment sa online.
- Ang iyong pangalan, numero ng Hong Kong ID kard at numero ng telepono ay kailangang ipagbigay alam sa paggawa ng appointment. Ang mga kalahok ay puwede ring mamili ng CTC na pupuntahan, ang petsa at ang puwang na oras.

### Paraan ng pagkuha ng sample

- Ang mga sample ay kokolektahin ng kawani na bihasa sa medikal at pangkalusugan sa pamamagitan ng pinagsamang pagpahid sa loob ng ilong at lalamunan.
- Ang mga kalahok ay maaabisuhan ng negatibong resulta sa SMS. Ang mga nasuring positibo ay makakatanggap nga tawag mula sa Kagawaran ng Kalusugan upang magsagawa ng pagbubukod at paggagamot sa pampublikong ospital.

## Pag-iingat sa privacy

- Ang UCTP ay magsusuri lamang para sa virus ng COVID-19. Lahat ng pagsusuri ay isasagawa sa Hong Kong. Ang mga ispesimen ay itatago lamang sa Hong Kong at sisirain sa loob ng isang buwan pagkatapos ng programa.
  
- Ang personal na impormasyon ng mga kawani ay naka-encrypt at naktago sa mga server ng kompyuter sa loob ng sentro ng data ng pamahalaan. Ang data ay gagamitin lamang ng Kagawaran ng Kalusugan at mga may kaugnayang kagawaran para sa layuning pagpipigil ng sakit at pangangasiwaan alinsunod sa mga probisyon ng Ordinansa sa Personal na Data (Privacy) Ordinance) (Cap. 486). Lahat ng personal na data at mga resulta ng pagsusuri ay itatapon sa loob ng isang buwan pagkatapos ng programa.

(Mga istasyon ng Pagkuha ng sample)

## Tagalog